

# NAT Grade 10 Reviewer

Araling Panlipunan

Part 2

1. Ano ang pangyayaring lubusang nakapagpabago sa buhay ng tao sa kasalukuyan?

- A. Paggawa
- B. Ekonomiya
- C. Migrasyon
- D. Globalisasyon

Sagot: D. Globalisasyon

2. Ayon kay Therborn ang globalisasyon ay nagsimula sa Ika-4 hanggang ika-5 siglo (4th-5th Century) - Pagkalat ng Islam at Kristiyanismo. Ano ang mahihinuha mula rito?

- A. May tiyak na simula ang globalisasyon.
- B. Ang globalisasyon ay nakaugat sa bawat isa.
- C. Isang mahabang siklo ang globalisasyon.
- D. Ito ay isang penomenong nagsimula sa kalagitnaan ng ika-20 siglo.

Sagot: C. Isang mahabang siklo ang globalisasyon.

3. Alin sa mga pangungusap sa ibaba ang kumakatawan sa pahayag na "binago ng globalisasyon ang workplace ng mga manggagawang Pilipino"?

- A. Pag-angat ang kalidad ng manggagawang Pilipino.
- B. Pagdagsa ng mga Business Process Outsourcing (BPO) sa bansa.
- C. Paghuhulog, pagbabayad at pagwiwithdraw gamit ang mga Automatic Teller Machine (ATM).
- D. Pagdagsa ng mga produktong dayuhan sa Pilipinas.

Sagot: B. Pagdagsa ng mga Business Process Outsourcing (BPO) sa bansa.

4. Maaring suriin ang globalisasyon sa iba't ibang anyo nito maliban sa isa. Ano ito?

- A. Ekonomikal
- B. Teknolohikal
- C. Sosyo-kultural
- D. Sikolohikal

Sagot: D. Sikolohikal

5. Paano nakapagpapabilis sa integrasyon ng mga bansa ang globalisasyon?

- A. Makikita sa globalisasyon ang mabilis na ugnayan ng mga bansa.

- B. Dahil sa globalisasyon mabilis na tumutugon ang mga bansa sa mga banta na magdudulot ng kapinsalaan.
- C. Dahil sa globalisasyon nagkakaroon ng mabilis na palitan ng impormasyon at kolaborasyon ang mga bansa.
- D. Makikita sa globalisasyon ang paghiwa-hiwalay ng mga bansa sa daigdig.

Sagot: C. Dahil sa globalisasyon nagkakaroon ng mabilis na palitan ng impormasyon at kolaborasyon ang mga bansa.

6. Bakit maituturing na panlipunang isyu ang globalisasyon?

- A. Tuwiran nitong binago, binabago at hinahamon ang pamumuhay at mga "perennial" na institusyon na matagal ng naitatag.
- B. Patuloy na pagbabago sa kalakarang pamumuhay ng tao, lugar at ang likas na batas ng ekonomiya.
- C. Bunga ito ng kagustuhan ng bawat isa na maabot ang pangmatagalang pag-unlad at kasaganaan.
- D. Lahat ng nabanggit.

Sagot: D. Lahat ng nabanggit.

7. Ang pagsulpot ng iba't ibang outsourcing companies na pagmamay-ari ng mga lokal at dayuhang namumuhunan ay isang manipestasyon ng globalisasyon. Ilan sa mga epekto nito ay ang sumusunod.

- A. Pagdami ng trabaho at oportunidad.
- B. Pagbaba ng sahod at benepisyo.
- C. Pagkalugi ng lokal na industriya.
- D. Pagtaas ng purchasing power ng mamamayan.

Sagot: A. Pagdami ng trabaho at oportunidad.

8. Ano ang malaking hamon na nakapagbagal ng globalisasyon?

- A. Suliranin sa kalikasan at kapaligiran.
- B. Pagsirit ng pandaigdigang populasyon.
- C. Nagkakawatak-watak na pagsasama ng mga bansa.
- D. Kahirapan at disenteng pamumuhay ng mga tao sa iba't ibang bansa.

Sagot: C. Nagkakawatak-watak na pagsasama ng mga bansa.

9. Ano ang kahulugan ng globalisasyon?

- A. Proseso ng pagkakaisa at pag-uugnayan ng mga bansa sa iba't ibang aspeto ng buhay.
- B. Pagbubukas ng mga bansa sa mga dayuhan.
- C. Pagdami ng migrasyon at paggalaw ng mga tao sa iba't ibang bansa.
- D. Pagdami at paglawak ng mga multinational corporations.

Sagot: A. Proseso ng pagkakaisa at pag-uugnayan ng mga bansa sa iba't ibang aspeto ng buhay.

Suriin ang sumusunod na diyagram at piliin ang angkop na interpretasyon.

10. [Diyagram na nagpapakita ng pagdami ng pandaigdigang kalakalan]

- A. Pagdami ng pangangailangan ng mga bansa sa dayuhan.
- B. Pagdami ng pag-aangkat at pagbenta ng mga produkto at serbisyo sa pandaigdigang merkado.
- C. Pagdami ng migrasyon ng mga manggagawang skilled sa iba't ibang bansa.
- D. Pagdami ng mga krimen at terorismo dahil sa pandaigdigang ugnayan.

Sagot: B. Pagdami ng pag-aangkat at pagbenta ng mga produkto at serbisyo sa pandaigdigang merkado.

11. Ano ang ibig sabihin ng "brain drain"?

- A. Paglipat ng mga tao mula sa isang bansa patungo sa ibang bansa dahil sa mas mataas na oportunidad.
- B. Pagbaba ng kalidad ng edukasyon sa isang bansa dahil sa kakulangan ng mga guro.
- C. Pagkawala ng mga oportunidad sa trabaho dahil sa pagbaba ng ekonomiya.
- D. Pagbabawal sa migrasyon ng mga propesyonal na manggagawa.

Sagot: A. Paglipat ng mga tao mula sa isang bansa patungo sa ibang bansa dahil sa mas mataas na oportunidad.

12. Ano ang kahalagahan ng globalisasyon sa larangan ng kultura?

- A. Pagkakaroon ng pagkakilanlan at pagpapahalaga sa sariling kultura.
- B. Pagkakaroon ng pagkakasunud-sunod at standardisasyon ng kultura sa buong mundo.
- C. Pagkakaroon ng pagkakaisa at kolaborasyon sa pagpapalaganap ng kultura.
- D. Pagkakaroon ng pagkakaiba-iba at pagtanggap sa iba't ibang kultura.

Sagot: D. Pagkakaroon ng pagkakaiba-iba at pagtanggap sa iba't ibang kultura.

13. Ano ang pangunahing layunin ng globalisasyon sa larangan ng ekonomiya?

- A. Paglikha ng proteksyonismo sa mga lokal na industriya.
  - B. Pagpapalawak ng pandaigdigang merkado para sa malawakang kalakalan.
  - C. Pagbabawas ng interbensyon ng gobyerno sa ekonomiya.
  - D. Pagpapalaganap ng mga multinational corporations.
- Sagot: B. Pagpapalawak ng pandaigdigang merkado para sa malawakang kalakalan.

14. Ano ang maaaring maging epekto ng globalisasyon sa mga indigenous cultures?
- A. Pagpapahalaga at pagpapanatili ng mga tradisyon at kaugalian ng mga indigenous cultures.
  - B. Pagkawala o pagkaubos ng mga tradisyon at kaugalian ng mga indigenous cultures.
  - C. Pagtangkilik ng mga tao sa mga indigenous cultures.
  - D. Pagkakaroon ng pagkakaisa at kolaborasyon ng mga indigenous cultures sa pandaigdigang antas.
- Sagot: B. Pagkawala o pagkaubos ng mga tradisyon at kaugalian ng mga indigenous cultures.

15. Ano ang epekto ng globalisasyon sa kalakalan ng mga produkto at serbisyo?
- A. Pagtaas ng presyo ng mga lokal na produkto at serbisyo.
  - B. Pagdami ng kumpetisyon mula sa mga dayuhang produkto at serbisyo.
  - C. Pagbaba ng antas ng kalidad ng mga lokal na produkto at serbisyo.
  - D. Pagbawas ng demand sa mga lokal na produkto at serbisyo.
- Sagot: B. Pagdami ng kumpetisyon mula sa mga dayuhang produkto at serbisyo.

16. Ano ang pangunahing dahilan ng pagdagsa ng mga dayuhang manggagawa sa ibang bansa?
- A. Pagkakaroon ng mas mataas na sahod sa ibang bansa.
  - B. Kakulangan ng trabaho sa kanilang sariling bansa.
  - C. Pagkakaroon ng mas magandang oportunidad sa ibang bansa.
  - D. Kakulangan ng kasanayan at edukasyon sa kanilang sariling bansa.
- Sagot: B. Kakulangan ng trabaho sa kanilang sariling bansa.

17. Ano ang tinutukoy ng terminong "offshoring"?
- A. Paglipat ng gawain ng isang kompanya sa ibang bansa upang mabawasan ang gastos sa produksiyon.
  - B. Pagbawas ng bilang ng manggagawa sa isang kompanya.
  - C. Pagpapalawak ng operasyon ng isang kompanya sa ibang bansa.
  - D. Pagtatayo ng mga banyagang kompanya sa isang bansa upang magbigay ng trabaho.
- Sagot: A. Paglipat ng gawain ng isang kompanya sa ibang bansa upang mabawasan ang gastos sa produksiyon.

18. Ano ang maaaring epekto ng globalisasyon sa antas ng kahirapan sa mga bansa?

A. Pagtaas ng antas ng kahirapan dahil sa kawalan ng trabaho at kumpetisyon sa merkado.

B. Pagbaba ng antas ng kahirapan dahil sa mas malawak na oportunidad sa ekonomiya.

C. Pagkakaroon ng patas na distribusyon ng yaman sa mga bansa.

D. Paglago ng middle class na nagdudulot ng pagbaba ng kahirapan.

Sagot: B. Pagbaba ng antas ng kahirapan dahil sa mas malawak na oportunidad sa ekonomiya.

19. Ano ang tawag sa pamamaraang pinapayagan ang malayang pagpasok at paglabas ng mga produkto at serbisyo sa isang bansa?

A. Proteksyonismo                      C. Taripa

B. Globalisasyon                      D. Free trade

Sagot: D. Free trade

20. Ano ang ibig sabihin ng terminong "outsourcing"?

A. Pagkuha ng serbisyo o gawain mula sa ibang kompanya o indibidwal.

B. Paglipat ng operasyon ng isang kompanya sa ibang bansa.

C. Pagbebenta ng produkto sa ibang bansa.

D. Pagpapalawak ng merkado ng isang kompanya sa ibang bansa.

Sagot: A. Pagkuha ng serbisyo o gawain mula sa ibang kompanya o indibidwal.

21. Ano ang tawag sa pamamaraan ng pangangalakal na nagpapahintulot sa mga bansa na magpalitan ng produkto at serbisyo nang walang limitasyon o pagsasaalang-alang sa mga patakaran ng proteksyonismo?

A. Globalisasyon                      C. Taripa

B. Proteksyonismo                      D. Malayang kalakalan

Sagot: D. Malayang kalakalan

22. Ano ang tawag sa patakaran ng pamahalaan na nagpapataw ng buwis o taripa sa mga dayuhang produkto upang protektahan ang lokal na industriya?

A. Globalisasyon                      C. Taripa

B. Proteksyonismo                      D. Malayang kalakalan

Sagot: B. Proteksyonismo

23. Ano ang tinutukoy ng terminong "brain drain"?

A. Pag-alis ng mga magagaling at may kasanayang manggagawa patungo sa ibang bansa.

B. Pagtaas ng antas ng edukasyon sa isang bansa.  
C. Paglipat ng teknolohiya mula sa ibang bansa.  
D. Pag-usbong ng mga institusyong pang-edukasyon sa isang bansa.  
Sagot: A. Pag-alis ng mga magagaling at may kasanayang manggagawa patungo sa ibang bansa.

24. Ano ang tawag sa pagkakaroon ng malayang paggalaw ng mga tao, produkto, serbisyo, at kapital sa iba't ibang bansa?

- A. Globalisasyon                      C. Taripa  
B. Proteksyonismo                    D. Malayang kalakalan

Sagot: A. Globalisasyon

25. Ano ang tawag sa mga samahang pang-ekonomiya na binubuo ng iba't ibang bansa na naglalayong mapalakas ang kanilang ugnayan at kooperasyon?

- A. ASEAN                      C. WTO  
B. EU                      D. APEC

Sagot: A. ASEAN

26. Ano ang tawag sa pandaigdigang organisasyon na naglalayong mapanatili ang malayang kalakalan at magpatupad ng mga patakaran sa pangangalakal?

- A. ASEAN                      C. WTO  
B. EU                      D. APEC

Sagot: C. WTO

27. Ano ang tawag sa pandaigdigang organisasyon ng mga bansa sa Europa na naglalayong mapanatili ang kapayapaan at ekonomikong pag-unlad?

- A. ASEAN                      C. WTO  
B. EU                      D. APEC

Sagot: B. EU

28. Ano ang tawag sa pandaigdigang organisasyon na naglalayong mapalakas ang ugnayan at kooperasyon sa pagitan ng mga bansa sa Asya at Pasipiko?

- A. ASEAN                      C. WTO  
B. EU                      D. APEC

Sagot: D. APEC

29. Ano ang tawag sa mga batas, regulasyon, at patakaran na naglalayong pangalagaan ang kalikasan at mapangalagaan ang kapaligiran?

- A. Environmental protection                      C. Climate change  
B. Sustainable development                      D. Green economy

Sagot: A. Environmental protection

30. Ano ang tawag sa mga proyekto at pamamaraan na naglalayong magbigay ng patas na oportunidad sa kasalukuyang at susunod na henerasyon na matugunan ang kanilang pangangailangan?

A. Environmental protection

C. Climate change

B. Sustainable development

D. Green economy

Sagot: B. Sustainable development